Gamagori City Representative Association

Para sa mga foreigners
TAGALOG

# Sumali tayo sa JICHIKAI !!

## Gumawa tayo ng isang bayan na masarap tirahan!





### Ano ang mga ginagawa sa Jichikai ?

Ang Jichikai(samahan ng mga residente) ay mga organisasyon kung saan ang mga taong nakatira dito ay magtulungan upang linisin ang kapaligiran, mag-patrol upang maiwasan ang mga krimen, at magsagawa ng mga iba`t ibang event.












### Ano ang mga benepisyo ng pagsali sa Jichikai ?

Kapag sumali ka sa Jichikai, maaari kang makatanggap ng iba't ibang impormasyon, tulad ng event sa lugar kung saan nakatira, at mga kailangan na impormasyon sa pamumuhay. Lalo na kapag nagkaroon ng sakuna, mahalaga na magtulungan ang mga taong nakatira dito. Maaari rin tayong magkaroon ng kakilala malapit sa tinitirahan, pag sumali tayo sa Jichikai.








## Paano makakasali sa Jichikai ?



Mangyaring makipag-ugnayan sa opisyal kung saan ka nakatira.Maaring mag tanong sa Gamagori City Hall Kyosokyoseika (TEL:0533-66-1179) para malaman ang pangalan at phone number ng opisyal sa iyong lugar.Mayroong bayad ang pagsali sa Jichikai,ngunit ang pera na iyon ay ginagamit para sa iba't ibang mga aktibidad. (Nag-iiba ang halaga depende sa Jichikai.)









## Saan ginagamit ang pera na ibinayad sa Jichikai ?



Ang perang ibinayad sa Jichikai ay ginagamit para sa mga event tulad ng Matsuri at mga pamamahala sa istasyon ng basura, mga aktibidad sa paglilinis, at pagsasagawa ng mga Evacuation Drill,atbp.









Ang iyong Jichikai (Samahan ng mga residente)

| | |
|---|---|
| Pangalan ng Soudai | |
| Pangalan ng Joukai | |

**Sa mga may katanungan . . .**

Tumawag sa Gamagori City Hall Kyosokyoseika

TEL : 0533-66-1179

### Organisasyon ng Jichikai

(Mag-kakaiba ito depende sa Jichikai)

